TAGALOG

فـلـبـيـنـي - (تـجـالـوج)

SUNNAH COLLEGE

# GALAW NG ATING DILA SA PAG-ALALA SA ALLAH ﷻ

# هل يشترط تحريك اللسان عند الذكر؟

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

**Sarhaan.com – MahadSunnah.com**

**Youtube.com/@MahadSunnah**

بسم الله الرحمن الرحيم

Kinakailangan ba na gumalaw ang ating dila sa tuwing tayo ay nagbabasa ng Qur'an o sa tuwing pag-alala sa Allah?

- Ang Dhikr o pag-alala sa Allah سبحانه و تعالىay nabibilang sa pinakadakilang pagsamba ng isang Muslim, at bukod dito, naisasagawa ito sa pamamagitan ng pagsambit ng dila, ito rin ay dapat isagawa ng may mataimtim na puso at sumasambang katawan.

- Ang pag-alala na isinasapuso ay pagnilay-nilay sa mga tanda na ibinigay ng Allah سبحانه و تعالىna may kasamang pagkatakot, pagmamahal, at pagtitiwala, at iba pa na mararamdaman ng ating puso.

- Ang pag-alala naman gamit ang ating dila ay ang pagbibigkas ng lahat ng mga salitang minamahal ng Allah سبحانه و تعالىupang mapalapit sa Kanya; at ang pinakamataas sa mga salitang ito ay ang pagsambit ng: "La ilaha illallah"- walang ibang diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah.

- Ang pag-alala naman sa Allah سبحانه و تعالىgamit ang ating katawan, ito ay ang pagsasagawa ng lahat ng gawain/pagsamba upang mapalapit sa Allah سبحانه و تعالىkatulad ng:
Salah, Pagpapatirapa, Pagpapakapagod para sa landas ng Allah, at pagsasagawa ng kawanggawa.

Lahat ng ito ay nabibilang sa pag-alala sa Allah ﷻ.

Kaya't ang pag-alala sa Allah ,katulad ng:

pagbabasa ng Qur’an, pagsambit ng Tasbeeh (Subhanallah), Tahmeed (Alhamdulillah), Tahleel (La ilaha illallah), mga panalangin na binabanggit tuwing umaga, gabi, sa pagtulog, pagpasok ng palikuran at iba pa, ay dapat binibigkas sa ating gumagalaw na dila, at hindi ito matatawag na tunay na pag-alala kapag ito ay hindi binigkas ng ating dila.

Si Imam Malik رحمه الله ay tinanong tungkol sa taong nagbabasa sa dasal, at walang nakakarinig sa kanya, kahit ang kanyang sarili.

Sinabi ni Imam Malik رحمه الله : "Hindi ito matatawag na pagbabasa, dahil ang pagbabasa ay kung saan ang dila ay gumagalaw”.

At tinanong si Sheikh Ibn Uthaymin رحمه الله ;
“Kinakailangan ba na bigkasin sa dila ang pagbabasa ng Qur’an sa loob ng Salah, o sapat na ito ay sa puso lamang?”

Ang sagot ni Sheikh Ibn Uthaymin رحمه الله :
“Hindi makukuha ang gantimpala sa Salah ng tao na nagbabasa lamang sa kanyang puso, ganoon din sa mga Adhkar o pag-alala sa Allah.

Nararapat na gumalaw ang dila at mga labi sa kadahilanang ito ay mga salita, at ang pagbigkas ng salita ay hindi mabubuo kundi sa pag-galaw ng dila at mga labi”.

والله تعالى أعلم...